Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BAHAY PULUNGAN NG BARANGAY V NOONG IKA- 20 NG DISYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ................................ | Pang. Punong Bayan<br>Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ................................ | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ................................ | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ................................ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ................................ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ................................ | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ................................ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan ................................ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ................................ | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ................................ | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 381-T'2000*

*KAPASIYAHANG KINIKILALA ANG QUEZON AVENUE TRICYCLE OPERATORS AND DRIVERS ASSOCIATION (QATODA) BILANG ISANG SAMAHAN, AYON SA PAGSUNOD SA KAUTUSANG BAYAN BLG. 5-T'92.*

*SAPAGKA'T,* ayon sa Kautusang Bayan Blg. 5-T'92. lahat ng mga samahang sibiko o samahang di-konektado sa pamahalaan (NGO's) ay kinakailangang i-accredit o kilalanin ng pamahalaang bayan;

*SAPAGKA'T,* may kahilingan ang Quezon Avenue Tricycle Operators and Drivers Association na kilalanin ito bilang isang samahan ayon sa pagsunod sa nasabing kautusan;

*SAPAGKA'T,* matapos na masuri at makita ang pagtugon ng nasabing samahan sa mga kailangan o "requirements para sa pagkilala ng isang samahan ay iminungkahi ng Tagapamuno ng Lupon sa Batas na irekomenda ang pagkilala sa nabanggit na samahan.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ariel T. Magcalas, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon at Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na kilalanin ang Quezon Avenue Tricycle Operators and Drivers Association (QATODA) bilang isang samahan, ayon sa pagsunod sa Kautusang Bayan Blg. 5-T92.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Quezon Avenue Tricycle Operators and Drivers Association at Pambayang Manananggol, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan